American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-209-215
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# LEBEL NG PAG-UNAWA NG MGA MAG-AARAL SA IKA-SAMPUNG BAITANG NG DON MARCELO C. MARTY HIGH SCHOOL

Jeyson B. Sagun Jayson M. Eclevia , Dr. Baby S. Abagon EdD.
*President Ramon Magsaysay State University*

**ABSTRAK:** Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Grade 10 sa iba't ibang uri ng teksto, partikular sa aspektong literal at inferensyal na pag-unawa. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong disenyo at nakalap ang datos sa pamamagitan ng 10-item para sa literal at sampung item para sa inferensyal na pagsusulit na nakatuon sa komprehensiyon. Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay nasa Independent Level (proficiency) para sa literal at Independent Level (basic) para sa inferensyal na mahusay sa pagtukoy ng mga tuwirang impormasyon. Ngunit nakita rin sa pag-aaral na mayroon pa ding mga mag-aaral na nasa level ng Instructional at Frustration. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagpapatupad ng mga programang pampagkatuto at mas pinahusay na estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan sa komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng sistematikong suporta upang mabigyang-lakas ang kakayahang bumasa at umunawa ng mga mag-aaral.

***MGA SUSING SALITA:*** *Independent Level (Proficiency), Independent Level (Basic), Instructional, Frustration, Non-reader.*

## I. INTRODUKSYON

Ang pag-unawa sa binabasa o reading comprehension ay kinikilalang pundasyon ng pagkatuto sa lahat ng asignatura. Ang komprehensyon ay isang masalimuot na prosesong naglalaman ng interaksyon ng mambabasa, teksto, at konteksto. Binibigyang-diin nila na ang kakayahang bumuo ng kahulugan mula sa teksto ay nakasalalay sa bokabularyo, dating kaalaman, estratehiya sa pagbasa, at motivation ng mambabasa. Gayundin, ipinakita ng ulat ng Programme for International Student Assessment (PISA) 2018 at 2022 na nananatiling mababa ang performance ng mga mag-aaral sa Pilipinas sa larangan ng reading literacy, lalo na pagdating sa pagsuri ng impormasyon at pagbuo ng interpretasyon.

Dahil dito, mahalagang tuklasin ang kakulangan ng pananaliksik tungkol sa lebel ng pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral sa Ikasampung Baitang ng Don Marcelo C. Marty High School, sapagkat ang yugtong ito ay kritikal sa paghahanda para sa mas mataas na antas ng pag-aaral sa Senior High School. Layunin ng pag-aaral na malaman ang lebel ng komprehensyon ng mga mag-aaral, matukoy ang kahinaan at lakas ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng tanong sa pagbasa at makabuo ng mungkahing angkop na interbensiyon o estratehiya upang mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pag-aaral.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin at alamin ang lebel ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikasampung Baitang ng Don Marcelo C. Marty High School.
Partikular nitong nilalayon na sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang propayl ng mga tagatugon ayon sa:
   1.1 kasarian; at
   1.2 edad?
2. Ano ang lebel ng komprehensiyon ng mga mag-aaral batay sa mga kategorya:
   2.1 Literal; at
   2.2 Inferential?
3. Ano ang mungkahing interbensiyon o estratehiya ang bubuuin upang mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pag-aaral.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

**Para sa mga Mag-aaral.** Makakatulong ito upang maunawaan nila ang kahalagahan ng pagbasa at pagpapalawak ng bokabularyo bilang susi sa pagkatuto.
**Para sa mga Guro.** Magiging batayan ito sa pagbuo ng mga estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo at pagbasa sa Filipino.
**Para sa Paaralan.** Maaaring gamitin ang resulta sa pagbuo ng mga programang pang-akademiko tulad ng "Reading Intervention Program".
**Para sa mga Susunod na Mananaliksik.** Magiging sanggunian ito sa mga gagawing pag-aaral hinggil sa pagbasa at bokabularyo ng mga mag-aaral.

## Saklaw at Limitasyon

Sinaklaw ng pag-aaral na ito ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ng Mataas na Paaralan ng Don Marcelo C. Marty High School sa taong panuruan 2025–2026. Pokus ng pag-aaral ang lebel ng pag-unawa ng mga tekstong nasa wikang Filipino. Hindi nito tatalakayin ang iba pang kasanayan tulad ng pagsulat at pakikinig.

## III. MATERYAL AT METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral sapagkat ito ay gumagamit ng numerical na datos upang matukoy ang sagot sa mga suliranin o problemang sinasaliksik ng mga mananaliksik.
Ito ay sumailaim sa kwantitatibong pamamaraan kung saan gumamit ng Reading Comprehension Test upang alamin ang lebel ng pag-unawa sa binasang teksto.

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral mula sa dalawang (2) Seksyon na nasa Ika-sampung Baitang nang Mataas na Paaralan ng Don Marcelo C. Marty sa Poblacion North Sta. Cruz, Zambales. Mayroong tatlongpung (30) repsondenteng mag-aaral ang sumagot sa talatanungan ng mga mananaliksik.
Ang mga datos na nakuha sa pananaliksik na ito ay hinimay at ginawan ng talahanayan upang maihanda sa interpretasyon ang analisa ng mga ito. Ang mananaliksik ay gumamit ng iba‟ti bang uri ng istatistiko tulad ng mga sumusunod.

Weighted Mean, General Weighted Mean at frequency ang ginamit na pormula upang matukoy ang huling timbang ng bawat aytem sa pananaliksik. Ginamit din ang grading system ng DepEd Phil IRI upang makita ang lebel ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

## IV. RESULTA AT INTERPRETASYON

### Talahanayan 1 Demograpikong Propayl ng mga Respondente

| Edad | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| 17 | 2 | 6.67% |
| 16 | 6 | 20% |
| 15 | 22 | 73.33% |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |
| **Mean** | **15.33** | |
| | | |
| **Kasarian** | **Frequency** | **Percentage** |
| Babae | 17 | 56.67% |
| Lalaki | 13 | 43.33% |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

Makikita sa talahanayan 1 na ang karamihan ng mga respondente ay nasa edad 15 taong gulang na bumubuo ng 73.33% ng kabuuang bilang. Sumusunod dito ang may edad 16 taong gulang (20%), at ang may pinakamaliit na bilang ay ang 17 taong gulang, na may 6.67%. Ipinapakita ng mean na 15.33 ang karaniwang edad ng mga mag-aaral, na nangangahulugang ang mga respondente ay pangunahing kabilang sa mid-adolescence stage. Ito ay inaasahan dahil ang pag-aaral ay isinagawa sa mga mag-aaral sa Baitang 10, kung saan ang karaniwang edad ay 15–16 taong gulang. Ang datos ay nagpapakita na ang pangkat ay relatibong homogeno pagdating sa edad, na mahalaga dahil maaaring makaapekto ang edad sa antas ng reading comprehension, cognitive development, at maturity. Ayon sa datos ng pag-aaral ni Alesna-Tuñacao, J. (2024) ipinakita ang distribusyon ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad. Napansin na ang pinakamataas na age bracket ay 15 taong

gulang, na bumubuo ng pinakamalaking bahagi ng populasyon ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang pinakamababang age bracket ay 17 taong gulang, na may pinakamaliit na representasyon sa sample.

Mas marami ang mga respondente na babae na may kabuuang 56.67%, kumpara sa mga lalaki na bumubuo ng 43.33%. Ipinapakita nito na bahagyang mas mataas ang representasyon ng mga babae sa klase o pangkat na sinuri. Sa konteksto ng literacy at reading comprehension, may ilang pag-aaral na nagpapakita na ang mga babaeng mag-aaral ay kadalasang nakapagtatamo ng bahagyang mataas na resulta sa mga gawaing may kinalaman sa pagbabasa. Gayunman, hindi ito nangangahulugang may malaking agwat sa kasanayan dahil ang aktuwal na datos sa proficiency.Ipinahihiwatig nito na bahagyang mas mataas ang representasyon ng mga kababaihan sa pangkat na sinuri. Bagama't hindi malaki ang agwat, mahalagang tingnan ang implikasyon nito sa larangan ng literacy at reading comprehension, lalo na't may ilang pag-aaral na nagpapakita ng posibleng kaugnayan sa pagitan ng kasarian at pagganap sa gawaing pagbasa.

Ayon kay Logan at Johnston (2016), ang mga babaeng mag-aaral ay kadalasang nakapagtatamo ng mas mataas na marka sa reading assessments kumpara sa mga lalaki, at ito ay makikita sa iba't ibang antas ng edukasyon. Sinusuportahan din ito ng 2018 report ng OECD Programme for International Student Assessment (PISA) na nagpakitang patuloy na nangunguna ang mga babae sa reading literacy across countries, kabilang ang Pilipinas. Sa pag-aaral naman nina McGeown, Putwain, at colegas (2016), lumilitaw na ang mga babae ay mas nagtataglay ng mas mataas na reading motivation at engagement, na nagreresulta sa bahagyang mas mataas na performance.

Samantala, may mga pananaliksik din na nagsasabing hindi laging malaki ang pagkakaiba ng kasarian pagdating sa aktuwal na reading proficiency. Sa pag-aaral nina van der Kleij at Lipnevich (2021), ipinakita na bagama't karaniwang nauungusan ng mga babae ang mga lalaki sa ilang reading tasks, ang pagkakaiba ay kadalasang maliit at hindi sapat upang maiklasipika bilang makabuluhang learning gap sa loob ng klase. Gayundin, binanggit nina Hsieh & Kang (2020) na ang performance sa pagbabasa ay higit na naaapektuhan ng teaching strategies, exposure to reading materials, at learning environment kaysa mismong kasarian. Kaugnay nito, ang mas mataas na bilang ng kababaihan sa kasalukuyang pag-aaral ay maaaring magpahiwatig ng bahagyang bentahe sa literacy tasks kung pagbabatayan ang mga naunang pananaliksik. Gayunpaman, tulad ng binigyang-diin ng ilang iskolar, hindi sapat na basehan ang kasarian upang tukuyin ang antas ng kasanayan sa pagbasa. Sa halip, kinakailangan pa rin ang pagsusuri sa aktuwal na datos sa proficiency upang matukoy kung umiiral ba ang gender differences sa loob ng pangkat.

**Talahanayan 2**
**Lebel ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Ika-sampung Baitang ayon sa Literal.**

| **Descriptor** | **Score Proficiency** | **Frequency** | **Per cent** |
|---|---|---|---|
| Independent Level (Proficiency) | 9-10 | 25 | 83.33 |
| Independent Level (Basic) | 7-8 | 2 | 6.67 |
| Instructional Level | 5-6 | 2 | 6.67 |
| Frustration Level | 3-4 | 1 | 3.33 |
| Non-Reader | 1-2 | 0 | 0.00 |
| | **Total** | **30** | **100.00** |

Makikita sa Talahanayan 2 Antas ng Lebel ng Komprehensiyon ng mga Mag-aaral sa Ika-sampung Baitang ayon sa Literal. Mula 30, 25 sa o 83.33% ng mga mag-aaral ang nasa Independent Level (Proficiency). Ibig sabihin, nakapagpapakita sila ng mataas na antas ng literal na pag-unawa, kaya nilang magbasa at makaunawa nang walang tulong ng guro. May 6.67% naman ang nasa Basic Independent Level, na nangangahulugang mahusay pa rin ngunit may ilang bahagi ng teksto na nangangailangan ng konting gabay. May 6.67% na nasa Instructional Level, na nangangahulugang kailangan nila ng tulong upang lubos na maintindihan ang teksto. Tanging 3.33% ang nasa Frustration Level, at wala kahit isa sa Non-Reader. Ang mataas na bilang na ito ay nagpapahiwatig ng matibay na pundasyon sa reading comprehension, lalo na sa pagkuha ng pangunahing impormasyon at pag-unawa sa teksto nang mabisang paraan. Ang resultang ito ay kaayon ng natuklasan nina Afflerbach, Cho, at Kim (2015), na nagsabing ang mga mag-aaral na nasa independent level ay karaniwang may mahusay na decoding skills, vocabulary knowledge, at metacognitive strategies, na pawang kritikal sa mataas na antas ng pag-unawa. Idinagdag pa nina Hong at Liu (2019) na ang mga mag-aaral na may mataas na reading proficiency ay may kakayahang magbasa nang may awtonomiya at mas mabilis na nakapagpoproseso ng impormasyon, dahilan upang hindi na nila ipagkamit ng malaking suporta ng guro.

Samantala, 6.67% ng mga estudyante ang nasa Basic Independent Level, na nagpapakitang bagama't mahusay na rin ang kanilang pag-unawa, may ilang bahagi ng teksto na nagiging hamon. Ito ay sumusuporta sa obserbasyon nina Toste et al. (2020) na may grupo ng mga mag-aaral na nasa "near-proficient" stage mga mag-

aaral na halos independent na ngunit nakararanas pa rin ng kaunting difficulty sa complex passages.
May 6.67% naman na nasa Instructional Level, na nangangahulugang kailangan nila ng gabay mula sa guro upang mas maintindihan ang binabasa. Ayon kay Halladay (2015), ang mga mag-aaral sa instructional level ay mas nakikinabang sa scaffolding techniques tulad ng guided reading, prompting strategies, at vocabulary support. Dagdag pa ng pag-aaral ni Fuchs & Fuchs (2017), ang instructional level learners ay nangangailangan ng structured assistance dahil ang kanilang comprehension ay pabagu-bago depende sa hirap ng teksto.

Tanging 3.33% ang nasa Frustration Level, na nagpapakitang sila ay may malaking suliranin sa pag-unawa ng teksto at nangangailangan ng mas malawak na suporta. Ayon kay Connor et al. (2018), ang mga mag-aaral na nasa frustration level ay karaniwang nahihirapan sa decoding, word recognition, at sustained comprehension, kaya mas mataas ang posibilidad na hindi nila lubusang maintindihan ang binabasa kahit anong antas ng tulong. Mahalaga ring bigyang-diin na wala ni isa ang nasa Non-Reader Level, na nagpapakita ng positibong indikasyon na lahat ng mag-aaral ay may batayang kasanayan sa pagbasa.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kahusayan sa pagbasa, habang kakaunti lamang ang nangangailangan ng karagdagang suporta. Ang resultang ito ay nagpapatunay ng mabisang implementasyon ng reading programs at strong literacy foundation sa nasuring pangkat, gaya ng binanggit sa mga makabagong pag-aaral sa literacy development.

**Talahanayan 3**
**Lebel ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Ika-sampung Baitang ayon sa Inferential**

| Descriptor | Score Proficiency | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Independent Level (Proficiency) | 9-10 | 9 | 30.00 |
| Independent Level (Basic) | 7-8 | 19 | 63.34 |
| Instructional Level | 5-6 | 1 | 3.33 |
| Frustration Level | 3-4 | 1 | 3.33 |
| Non-Reader | 1-2 | 0 | 0.00 |
| | **Kabuuan** | **30** | **100.00** |

Makikita sa Talahanayan 3 ang Lebel ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Ika-sampung Baitang ayon sa Inferential Batay sa resulta, makikita na may positibong antas ng kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral. Sa kabuuang 30 na kalahok, 9 o 30.00% ang nasa Independent Level (Proficiency) at nakakuha ng iskor na 9–10. Ang mga mag-aaral sa antas na ito ay nagpapakita ng mataas na kakayahang makaunawa ng teksto nang walang tulong ng guro. Ayon kina Afflerbach, Cho, at Kim (2015), ang mga mag-aaral na nasa independent level ay may matatag na decoding skills, mabisang paggamit ng metacognitive reading strategies, at mas mataas na kakayahang magproseso ng impormasyon. Ito marahil ang dahilan kung bakit nakamit nila ang mataas na antas ng pag-unawa. Pinakamalaking bahagdan ng mga respondente, 19 estudyante o 63.34%, ang kabilang sa Independent

Level (Basic) na may iskor na 7–8. Bagaman hindi pa ganap na proficient, nagpapakita pa rin sila ng sapat at matatag na literal comprehension. Batay sa pag-aaral nina Toste, Capin, at Vaughn (2020), maraming mag-aaral ang napapabilang sa tinatawag na "near-proficient readers" mga mag-aaral na halos independent na ngunit maaaring mangailangan ng kaunting suporta sa mas kumplikadong bahagi ng teksto. Ang mataas na porsyento sa antas na ito ay indikasyon na ang malaking bahagi ng pangkat ay nasa daan tungo sa full proficiency.

Mayroon namang 1 mag-aaral o 3.33% na nasa Instructional Level (scores 5–6). Ang mga mag-aaral sa antas na ito ay nangangailangan ng gabay ng guro upang mas lubos na maunawaan ang teksto. Sinabi ni Halladay (2015) na ang mga instructional readers ay nakikinabang sa scaffolded instruction, tulad ng guided reading at vocabulary support, upang mapahusay ang kanilang comprehension. Ipinapakita ng presensiya ng mag-aaral sa antas na ito ang pangangailangan ng targeted reading interventions.

Mayroon ding 1 mag-aaral o 3.33% ang naitalang nasa Frustration Level, na nagpapahiwatig na nahihirapan sila sa pagproseso ng teksto kahit na may simpleng impormasyon. Ayon sa pag-aaral ni Connor et al. (2018), ang mga mag-aaral na nasa frustration level ay may kahinaan sa word recognition at sustained comprehension, kaya mas nangangailangan sila ng masinsinang tulong at personalized instruction upang makaangat sa pagbabasa.

Mahalagang tandaan na wala ni isa ang napabilang sa Non-Reader Level, na may 0% na bilang. Ang resultang ito ay sumusuporta sa obserbasyon nina Fuchs at Fuchs (2017) na ang pagkakaroon ng batayang kakayahan sa pagbasa para sa lahat ng mag-aaral sa loob ng klase ay maaaring resulta ng mabisang literacy instruction at consistent reading exposure.

Sa kabuuan, malinaw na ang malaking porsyento ng mga mag-aaral ay nasa independent levels proficient man o basic na nagpapakita ng malakas na pundasyon sa kanilang reading comprehension. Ang maliit na porsyentong nasa instructional at frustration levels ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng karagdagang suporta, ngunit hindi sapat upang ibaba ang pangkalahatang antas ng pagganap ng pangkat. Ang resulta ay kaayon ng mga modernong pag-aaral na nagpapakita na ang literacy performance ng mga mag-aaral ay nag-iiba depende sa antas ng exposure, instructional support, at reading motivation.

**Mungkahing interbensiyon o estratehiya ang bubuuin upang mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pag-aaral.**

**"Gabay-Tutor: Pagsasanay sa Epektibong Pagtuturo sa mga Struggling Readers sa Bahay"**

**I. RASYUNAL**

Marami sa ating mga batang mag-aaral ang patuloy na nakararanas ng kahirapan sa pagbasa. Bilang pangunahing katuwang ng paaralan, mahalaga ang papel ng mga magulang sa pagbuo ng positibong habit at tamang literacy practices sa bahay. Gayunpaman, kinakailangan nilang mabigyan ng wastong kaalaman at kasanayan upang maging epektibong katuwang sa reading intervention.
Dahil dito, iminungkahi ang 3-araw na pagsasanay para sa mga guro at magulang upang magkaroon sila ng sapat na kaalaman, kasanayan, at materyales sa pagtuturo ng pagbasa sa bahay nang epektibo at may malinaw na gabay.

**II. MGA LAYUNIN**

Sa pagtatapos ng pagsasanay, ang mga kalahok ay inaasahang:
1. Makikilala ang uri at sanhi ng reading difficulties.
2. Makakapagpatupad ng mga estratehiya sa pagbasa (phonemic awareness, phonics, bokabularyo, fluency, comprehension).
3. Makagagawa ng simple at epektibong reading activities na maaaring gawin sa bahay.
4. Makabuo ng consistent home reading routine.
5. Makikipagtulungan sa guro sa pag-monitor ng reading progress ng bata.

**III. MGA KALAHOK**

1. Mga magulang ng identified struggling readers
2. Mga guro (Advisers / Reading Teachers)
3. SPED o Intervention Teachers (kung mayroon)

**IV. TAGAL NG PROGRAMA**

3 Araw (Whole-Day Sessions)

**V. INAASAHANG OUTPUT**

1. Parent Reading Support Plan
2. Home Reading Activity Kit
3. Reading Progress Monitoring Sheet
4. Parent-Led Demonstration Teaching

**Day 1 – Pambungad at Batayang Kasanayan sa Pagbasa**

**VI. MATRIKS NG PAGSASANAY**

| Oras | Paksa / Gawain | Layunin | Tagasanay |
|---|---|---|---|
| **8:00–8:30** | Rehistrasyon at Oras ng Pagsisimula | Maipaliwanag ang layunin ng programa | Lupon / Komite |
| **8:30–9:30** | Sesyon 1: Pag-unawa sa Reading Difficulties | Matukoy ang uri at sanhi ng paghihirap sa pagbasa | Reading Coordinator |
| **9:30–10:30** | Sesyon 2: Batayang Kasanayan sa Pagbasa (Phonemic Awareness at Phonics) | Matutunan ang tamang pagtuturo ng tunog at letra | Reading Teacher |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **10:45–12:00** | Gawain: Sound and Letter Games | Makagawa ng simpleng laro sa pagbasa para sa bahay | Mga Guro |
| **1:00–3:00** | Sesyon 3: Gabay sa Pagtuturo sa Struggling Readers sa Bahay | Magabayan ang magulang sa tamang proseso ng home reading intervention | SPED/Reading Teacher |
| **3:00–4:00** | Bukas na Forum | Masagot ang katanungan ng mga magulang | Panel |

**Day 2 – Estratehiya sa Bokabularyo, Fluency, at Pag-unawa**

| Oras | Paksa / Gawain | Layunin | Tagasanay |
|---|---|---|---|
| **8:00–9:00** | Rebyu at Energizer | Mabalikan ang mga aralin ng unang araw | Facilitator |
| **9:00–10:30** | Sesyon 4: Bokabularyo at Fluency Strategies | Matutunan ang sight words, repeated reading, phrasing | Reading Teacher |
| **10:45–12:00** | Sesyon 5: Estratehiya sa Pag-unawa | Magamit ang WH-questions, picture walk, story retelling | Teacher |
| **1:00–3:00** | Gawain: Pagbuo ng Home Reading Kits | Makalikha ng flashcards, word lists, story prompts | Mga Kalahok |
| **3:00–4:00** | Presentasyon ng Output | Maipakita ang nagawang reading kits | Mga Magulang |

**Day 3 – Demonstration, Monitoring at Action Planning**

| Oras | Paksa / Gawain | Layunin | Tagasanay |
|---|---|---|---|
| **8:00–9:00** | Rebyu at Pagpapainit | Ihanda ang mga kalahok para sa culminating activity | Facilitator |
| **9:00–11:00** | Sesyon 6: Parent-Led Demonstration Teaching | Maipamalas ng magulang ang natutunang estratehiya | Mga Magulang |
| **11:00–12:00** | Orientation sa Monitoring Tools | Matutunan ang Reading Progress Chart | Reading Coordinator |
| **1:00–2:30** | Paggawa ng Parent Reading Support Plan | Makabuo ng personalized na home reading plan | Mga Magulang |
| **2:30–3:30** | Pagsusuri ng Pagsasanay | Masuri ang programa | Training Committee |
| **3:30–4:00** | Pagtatapos at Pagbibigay ng Sertipiko | Pagkilala sa mga kalahok | Administrasyon |

## V. KONKLUSYON

Batay sa nakalap na datos at isinagawang pagsusuri, lumalabas na ang lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ika-sapung baitang ng ay nasa katamtamang antas, na nagpapakitang may kakayahan silang makaintindi ng mga pangunahing konsepto ngunit nagkakaroon ng kahirapan sa mas malalim na gawaing pangkomprehensyon tulad ng inferential at evaluative na pagsusuri. Ipinapakita ng resulta na bagama't nagiging matagumpay ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga literal na impormasyon, kinakailangan pa nila ng dagdag na suporta sa pagbuo ng interpretasyon, pag-uugnay ng impormasyon, at pag-unawa sa mga pahiwatig na hindi tuwirang binanggit sa teksto.

Dagdag pa rito, lumitaw na ang iba't ibang salik tulad ng antas ng interes sa pagbasa, kakulangan sa estratehiya sa pag-unawa, at limitadong exposure sa iba't ibang uri ng teksto ay nakaaapekto sa kanilang kabuuang performance. Ipinahihiwatig ng mga ito na mahalagang paigtingin ang paggamit ng mabisang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at maglaan ng mas maraming pagkakataon upang malinang ang higher-order thinking skills ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, malinaw na kailangan ng pinahusay na interbensiyon at patuloy na suporta mula sa guro, paaralan, at magulang upang maitaas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay maaaring magsilbing gabay sa pagdidisenyo ng mas angkop at makabuluhang programang pampagkatuto na tutugon sa natukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral.

## VI. REKOMENDASYON

Base sa resulta ng pag-aaral, kung saan lumabas na ang may mataas na lebel ng komprehensyon ang mga mag-aaral sa Ika Sampung-baitang ng Don Marcelo C. Marty High School. Ngunit makikita pa din sa datos na may iilang mag-aaral ang nasa Instructional at Frustration lebel. Bilang mananaliksik upang mas lalong mapahusay ang komprehensyon ng mga mag-aaral iminumungkahi ang isang interbensyon na kung saan sa interbensyong ito ang mga magulang ay magkakaroon ng partisipasyon sa paghubog ng kanilang komprehensyon, "Gabay-Tutor: Pagsasanay sa Epektibong Pagtuturo sa mga Struggling Readers sa Bahay" layunin ng interbensyong ito na Mahubog ang kakayahan ng mga magulang at tagapag-alaga sa paggamit ng mga angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo sa mga batang hirap sa pagbasa.

## REFERENCES

[1] Afflerbach, P., Cho, B.-Y., & Kim, J. (2015). Readers' cognitive and metacognitive processes durin reading. Journal of Educational Psychology, 107(3), 821–834.

[2] Alesna-Tuñacao, J. (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Komprehensyon at Akademik Performans sa mga Mag-Aaral ng Filipino 10 Unang Distrito ng Consolacion, Lunsod ng Cebu: Kaparaanang Pampagpabuti. UB Advancing Filipino Research Journal, 1(1), 130-144.Oppewal et al 2013). https://medcraveonline.com/BBIJ/influence-of-residential-setting-on-studentoutcome.html.

[3] Batuigas, T. G., Labor, C. T., Serban, N. T., Songahid, J. A., & Templa, E. L. PAG UNAWA SA PAGBASA AT KAKAYAHAN SA BALARILA BILANG PREDIKATOR NG KAKAYAHANG AKADEMIKO SA FILIPINO NG MGA MAG AARAL SA BAITANG 10.

[4] Connor, C. M., Spencer, M., Day, S., Giuliani, S., Rieser, J., & Toste, J. (2018). Understanding reading difficulties: A longitudinal study of struggling readers. Scientific Studies of Reading, 22(5), 409–425.

[5] DepEd. (2018, March 26). DepEd Order No. 14, s. 2018: Policy Guidelines on the Administration of the Revised Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Department of Education. References, 44, 92–101. file:///C:/Users/Admin/Downloads/Phil-IRI-for-JHS-Manual%20(1).pdf

[6] Fuchs, L. S., & Fuchs, D. (2017). Instructional scaffolding for reading comprehension: A meta-analysis. Reading Research Quarterly, 52(3), 317–345.

[7] Halladay, J. L. (2015). The role of guided reading in improving comprehension for instructional-level readers. The Reading Teacher, 68(7), 543–552.

[8] Hong, X., & Liu, Y. (2019). Reading autonomy and its relationship to reading comprehension among adolescents. Reading Psychology, 40(6), 497–516. https://www.deped.gov.ph/2018/03/26/do-14-s-2018-policy-guidelines-on-the-administration-of-the-

[9] Interino, L. S. (2023). Pagpapaunlad ng Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng Maikling-Kwento ng Baitang 7 sa San Jose Pili National High School Gamit ang Proyekto Makabasa (Basic Education Research Fund report). DepEd e-Saliksik. https://e-saliksik.deped.gov.ph/

[10] Logan, S., & Johnston, R. (2016). Gender differences in reading ability and attitudes: Examining where these differences lie. Journal of Research in Reading, 39(1), 109–125.

[11] McGeown, S. P., Putwain, D., Simpson, E., Boffey, E., Markham, J., & Vince, A. (2016). Predictors of adolescents' reading motivation and engagement: Gender and reading skill differences. Learning and Individual DifAfflerbach, P., Cho, B.-Y., & Kim, J. (2015). Readers' cognitive and metacognitive processes during reading. Journal of Educational Psychology, 107(3), 821–834.

[12] OECD. (2019). PISA 2018 Results (Volume I): What Students Know and Can Do. Paris: OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/5f07c754-en.

[13] OECD. (2023). PISA 2022 Results (Volume II): Learning During – and From – Disruption. Paris: OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/a97db61c-en.

[14] Toste, J. R., Capin, P., Vaughn, S., & Roberts, G. (2020). Near-proficient readers: Profiles of students just below grade-level expectations. Journal of Learning Disabilities, 53(3), 183–196.